

Bilang magulang o tagapag-alaga, makakaranas ka ng isang hanay ng mga organisasyon kung saan ang iyong anak ay aalagaan, maglalaro, matututo, bubuo ng mga bagong kakayahan at makakakilala ng iba pang mga bata at taong nasa hustong gulang. Ang Gabay na ito ay tutulong sa iyo na makapag-isip tungkol sa kung paano pinapatakbo ang bawat organisasyon at ang kanilang mga pag-aareglo sa kaligtasan at kapakanan ng mga bata.

Ang mga bata ay may karapatan sa pagiging ligtas, sa emosyon at katawan. Lahat ng tao ay may papel na ginagampanan upang mapanatili ang mga bata na ligtas sa kapahamakan. Ang kapahamakan ay may maraming anyo katulad ng pinsalang dulot ng aksidente, pagkalantad sa mga pisikal na panganib, pagbu-bully, pagpapabaya, emosyonal na pang-aabuso, pisikal na pang-aabuso at sekswal na pang-aabuso. Ang mga organisasyong nagbibigay ng mga serbisyo sa at nagtatrabaho para sa mga bata, pinapatakbo man ng kawani o mga boluntaryo, ay may tungkulin sa pangangalaga upang panatilihin ang mga bata at upang igalang ang kanilang mga karapatan.

Ang Gabay na ito ay nagmumungkahi ng ilang bagay na kailangang pag-isipan, hahanapin at tatanungin habang gumagawa ka ng pagtatasa tungkol sa kung angkop ang organisasyon para sa iyong anak. Ang Gabay na ito ay batay sa mga elemento ng isang organisasyong ligtas sa bata, tulad ng tinukoy sa Mga Pambansang Prinsipyo para sa Mga Organisasyong Ligtas sa Bata. Lalo na, binibigyang-diin ng Prinsipyo 3 ang kahalagahan ng pagbibigay-alam at pagsasangkot ng mga pamilya at komunidad sa pagtaguyod sa kaligtasan at kapakanan ng bata.

## Bago ka bumisita o sumali

Magandang ideya na magsagawa ng ilang pananaliksik sa organisasyon bago ka bumisita o sumali.

- Kontakin sila
- Bumisita sa kanilang website
- Makipag-usap sa ibang mga magulang at tagapag-alaga.

### Mga bagay na isasaalang-alang:

- Sino ang nagpapatakbo sa organisasyon at sino ang responsable para sa kaligtasan at kapakanan ng bata? Hal., Isang direktor, komite na nangangasiwa o mga boluntaryo.
- Ano ang mga edad ng mga bata na sangkot sa organisasyon at paano ba ito nakakaapekto sa iyong anak?
- Kilala mo ba ang ibang mga magulang o tagapag-alaga na naging sangkot sa organisasyon at kung ano ang kanilang mga pananaw?
- Paano tutugunan ng organisasyon ang mga pang-indibidwal na pangangailangan at sitwasyon ng iyong anak? Hal. Mga pangangailangang dulot ng kapansanan o pang-kultura.
- Mayroon bang patakaran para sa kaligtasan at kapakanan ng bata, code of conduct, o mga alituntunin sa pag-uugali para sa kawani, mga boluntaryo at mga bata?
- Ang mga kawani o boluntaryo ba ay may karanasan sa pagtatrabaho para sa mga bata o mga pagsusuri ng kanilang background?



# Kapag bumibisita ka

Kung makakaya mo, bumisita sa iba't ibang oras, upang magkaroon ka ng mabuting ideya kung paano tumatakbo ang organisasyon.

## Mga bagay na dapat hanapin:

- May impormasyon bang naka-display tungkol sa kaligtasan at kapakanan ng bata, o pampublikong pangako para sa kaligtasan ng bata?
- Tila ligtas ba ang pisikal na kapaligiran nito? Hal. Matatanaw ba ang mga bata sa lahat ng oras? Ang lugar ba ay malinis, pinapanatiling maayos at mabuti ang ilaw?
- Paano nakikipagsalamuha ang kawani at mga boluntaryo sa mga bata? Hal. Madali ba silang lapitan at aktibo ba silang nakikisangkot sa mga bata?

## Mga bagay na dapat tanungin:

- Mayroon bang sapat na pangangasiwa sa mga bata? Hal. Ratio ng kawani/boluntaryo kada bata.
- Nakakatanggap ba ang kawani at mga boluntaryo ng regular na pagsasanay sa mga larangan katulad ng first aid, pagprotekta sa bata, at mandatoryong pag-uulat?
- Tinuturuan ba ang mga bata tungkol sa personal na kaligtasan, kanilang mga karapatan at kung saan sila makakapunta para humingi ng tulong?
- Paano tumutugon ang organisasyon sa mga hamon na hinggil sa pag-uugali ng mga bata? Hal. Mayroon bang isang nakadokumentong diskarte sa pamamahala ng pag-uugali?
- May patakaran ba na makukuha lang ang mga bata ng mga awtorisadong tao?

- May patakaran ba para sa na-antalang paghahatid ng bata at na-antalang pagkuha ng bata? Hal. Pagsisiyasat at pagtatanong sa magulang o tagapag-alaga kung nasaan ang bata; mga proseso sa pagbibigay-alam sa organisasyon tungkol sa mga pagbabago sa karaniwang mga oras ng paghahatid at pagkuha ng bata.
- Paano pinangangasiwaan ang mga bisita at kontraktor sa lugar upang masiguro ang kaligtasan ng bata?
- Paano, at kanino, maipaparating ng mga bata, magulang at tagapag-alaga ang mga ikinababahala o magsagawa ng mga reklamo?
- Binibigyan ba ang mga bata ng oportunidad upang lumahok sa mga desisyon at bagay na nakakaapekto sa kanila?
- Ano ang patakaran tungkol sa pagkuha at pagbabahagi ng mga litrato o recording ng mga bata?
- Paano pinamamahalaan ang online na komunikasyon sa mga bata, hal., social media o mga email, upang masiguro ang kaligtasan?
- May mga patakaran ba sa pagtatasa ng mga panganib at maprotektahan ang mga bata kung nasa labas sila ng lugar? Hal. Mga excursion o mga camp.
- Paano pinapakita ng organisasyon na malugod na tumatanggap at sinasali ang iba't ibang uri ng tao sa lahat ng mga pamilya at bata na may ibang mga kinamulangang kultura at sitwasyon?



# Pagkatapos mong bumisita

Nakikita at nararanasan ng mga bata ang mga bagay-bagay na naiiba sa mga taong nasa hustong gulang.



Ang iyong relasyon sa organisasyong ito ay maaaring maikli o pangmatagalan. Upang masiguro na patuloy na magbibigay ng ligtas na kapaligiran ang organisasyon sa iyong anak, mahalaga na patuloy kang nakikipag-ugnayan sa organisasyon at manatiling may-kaalaman. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng:

- pananatili ng regular at direktang kontak sa kawani
- pag-subscribe sa mga newsletter
- pagsunod sa impormasyon sa social media
- pagdalo sa mga pagpupulong; pagiging sangkot sa mga komite o mga pangkat
- pagboboluntaryo, o
- paglahok sa mga pagrerepaso ng mga patakaran sa kaligtasan at kapakanan ng iyong anak.

Dagdag sa pakikipag-usap sa iyong anak at pamilya, mahalaga na iharap mo ang anumang mga ikinababahala. Maaaring kabilang dito ang pakikipag-usap sa kawani o nangangasiwa, may-kabuluhang mga ahensiyang nangangasiwa o rehistrasyon o mga pansuportang serbisyo.

Ang mga ito ay ilang mga tanong na nag-uudyok ng talakayan kasama ng iyong anak.

- Naramdaman mo ba at ng iyong anak na malugod kayong tinatanggap sa panahon ng iyong pagbisita?
- Ano ang nagustuhan mo at ng iyong anak tungkol sa organisasyon?
- Ano ang hindi nagustuhan ninyo o hindi kayo komportable ng inyong anak sa panahon ng inyong pagbisita?
- Ano ang iba pang mga tanong o ikinababahala na mayroon ka tungkol sa organisasyon na ito?

## Mga pangunahing mensahe para sa mga magulang at tagapag-alaga

- Tulungan ang mga bata na magsalita tungkol sa kanilang mga karapatan, kabilang ang kanilang karapatan upang maging ligtas
- Turuan ang mga bata kung ano ang gagawin kung pakiramdam nila hindi sila ligtas
- Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang iniisip at kung ano ang kanilang nararamdaman
- Piliin nang mabuti ang mga organisasyon
- Maging sangkot sa mga organisasyon ng iyong anak at patuloy na magtanong ng mga katanungan
- Kilalanin ang kawani at mga boluntaryo
- Magbigay ng feedback sa organisasyon tungkol sa mga problema sa kaligtasan at kapakanan ng bata
- Kumilos sa iyong mga ikinababahala – magsalita sa loob o labas ng organisasyon



## Karagdagang impormasyon

Ang Gabay na ito ay hindi komprehensibong listahan ng lahat ng mga dapat isaalang-alang. Ang mga sumusunod na link ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon at mga rekurso:

**Mga Organisasyong Ligtas sa Bata:** para sa impormasyon, mga praktikal na tool at rekurso sa Mga Pambansang Prinsipyo para sa Mga Organisasyong Ligtas sa Bata, bumisita sa <https://childsafe.humanrights.gov.au>. Para sa impormasyon sa mga pansuportang serbisyo, bumisita sa <https://childsafe.humanrights.gov.au/support/support-services>.

**National Office for Child Safety (Pambansang Tanggapan para sa Kaligtasan ng Bata):**  
<https://pmc.gov.au/domestic-policy/national-office-child-safety>

**Mga inisyatibo at rekurso ng estado at teritoryo sa kaligtasan ng bata:**  
<https://childsafe.humanrights.gov.au/tools-resources/links-resources>.

**Office of the eSafety Commissioner (Tanggapan ng Komisyoner ng eSafety):** para sa impormasyon, mga praktikal na tool at rekurso sa kaligtasan online, bumisita sa website ng Office of the eSafety Commissioner sa <https://www.esafety.gov.au/>.

**Australian Institute of Family Studies (Instituto ng Australia sa Mga Pag-aaral ng Pamilya):** para sa impormasyon at mga rekurso sa pang-aabuso ng bata at paghadlang sa kapabayaan sa bata, bumisita sa <https://aifs.gov.au/cfca/topics/web-resources-child-abuse-and-neglect-prevention>.

Para sa mga helpline at mga serbisyo sa pagpapayo sa telepono para sa mga bata, mga kabataan at mga magulang, bumisita sa <https://aifs.gov.au/cfca/publications/helplines-and-telephone-counselling-services-children-young-people-and-pare>.

**Raising Children Network:** para sa mga helpline ng magulang, bumisita sa <https://raisingchildren.net.au/grown-ups/services-support/about-services-support/helplines> at para sa impormasyon sa mga serbisyo para sa kalusugan at kapakanan ng bata, bumisita sa <https://raisingchildren.net.au/grown-ups/services-support/services-families/child-health-services>.

